AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 57**

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 57**

Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Ang Aking Bagong Kapitbahay"

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Ang Aking Bagong Kapitbahay**

**WRITING PROMPT LESSON 57**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, makikilala natin ang dalawang ubod ng talinong mga bata. Sila rin ay sobrang takot mabored sa mahabang summer vacation. Handa ka na bang makilala sila? Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**

Bagong lipat kayo ng iyong pamilya sa lugar na tinatawag na Pawang Saya. Tatlo lamang kayo sa pamilya at pumapasok sa umaga ang iyong mga magulang. Isang araw ng summer vacation, naririnig mo ang malalakas na tunog mula sa kapitbahay. Ito ay parang tunog ng mga construction sites. Dahil ito naisipan mong lumabas ng bahay at silipin ito. Nakita mo ang kapitbahay mong si Fil na pabalik-balik na may dalang tools o kaya mga materyales.

Nakita ka ng kapatid ni Fil na si Phillip. Ngumiti siya at pinapasok ka sa loob ng kanilang bakuran. Ayon sa kanila may ginawa daw silang panibagong imbensyon, dahit ayaw nilang maging boring ang kanilang summer.

Pagdating niyo sa likod-bahay, isang malaking machine ang nakita mong inaayos ni Fil. Ikinuwento ni Phillip ang tungkol dito at kung ano ito. Di ka makapaniwalang ginawa nilang dalawa ang machine na ito.

•Ano ang machine na ginawa ni Phillip at Fil?
•Para saan ang machine na ginawa nila?
•Sasali ka ba sa kung ano mang gagawin nila sa machine na ito?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang binubuo ng dalawa nating bida? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong karanasan pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."